Seattle Fire Department sfd CAM Client Assistance Memo 5001

Seattle Permits

—bahagi ng series ng maraming kagawaran sa mga serbisyo at pagpapahintulot sa Lungsod

Pagkuha ng Pahintulot

Na-update noong Oktubre 2021

Kailangan Ko Ba Ng Pahintulot?

Kailangan ng pahintulot ng ilang operasyon at aktibidad, kabilang ang pag-iimbak at/o paggamit ng mga mapanganib na materyales, mula sa Seattle Fire Department kapag isinasagawa sa Seattle ang gayong mga operasyon at aktibidad.

Mga Uri ng Pahintulot

Ibinibigay ang pansamantalang pahintulot para sa iba't ibang aktibidad at operasyon na isinasagawa sa sandaling panahon. Maaaring kabilang dito ang mga aktibidad kagaya ng pagtatayo ng mga tolda at canopy, pagtitinda ng pagkain, mga fair at pista, trade show at exibit, konsiyerto hot work sa mga sasakyang pandagat Ang mga pahintulot para sa mga gawaing paglalagay ng bubong at mga lugar ng konstruksyon ay ibinibigay sa loob ng panahon na hindi hihigit sa anim na buwan.

Ibinibigay naman ang taunang pahintulot sa operasyon para sa mga pag-okupa ng mga pagtitipon (mga simbahan, restawran, pinagdarausan ng okasyon) at mapanganib na aktibidad o operasyon na isinasagawa nang tuloy-tuloy sa pirming lokasyon o sa iba't ibang lokasyon sa buong lungsod.

Para malaman kung kailangan mo ng pahintulot mula sa SFD, bisitahin ang listahan ng mga aktibidad/ materyales na nangangailangan ng pahintulot: https://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Business/ActivitiesRequiringaSFDPermit.pdf.

Ano ang Kailangan Ko para Mag-apply ng Pahintulot?

Kakailanganin mo ng impormasyon tungkol sa iyong mga aktibidad, operasyon o materyales kabilang ang, kung naaangkop, mga mapa ng site o plano. Para sa pahintulot sa ilang mapanganib na materyales, baka kailanganin mong magbigay ng Hazardous Materials Inventory Statement (HMIS) kung saan nakalista ang kabuuang dami, konsentrasyon, mga mapanganib na sangkap at numero ng Chemical Abstract Service (CAS). I -download ang HMIS form at user guide sa: http://www.seattle.gov/fire/business-services/permits#hazardousmaterial.

Paano Ako Mag-aapply para sa Pahintulot?

Dapat gawin ang mga pagbabayad sa panahon ng aplikasyon. I-download ang mga form ng aplikasyon at i-email sa permits@seattle.gov pagkatapos ay magbayad gamit ang credit card online. O kaya ay ipadala ang mga nakumpletong aplikasyon kasama ang iyong tsekeng nakapangalan sa "City of Seattle" to:

Seattle Fire Department Fire
Prevention Division - Permits
220 Third Avenue South, 2nd Floor
Seattle, WA 98104-2608

Paano Ako Mag-iiskedyul ng Inspeksyon?

Ang mga pansamantalang pahintulot para sa mga mapanganib na gawain o pag-iimbak at paggamit ng mga mapanganib na materyales ay nangangailangan ng inspeksyon mula sa SFD bago mo maaaring simulan ang pinahintulutang trabaho. Halimbawa, ang pagwe-welding at hot work sa mga bangka ay nangangailangan ng inspeksyon bago mo simulan ang pinahintulutang trabaho. Kung naaangkop, itatagubilin sa iyo ng aplikasyon ng pahintulot na humiling ng inspeksyon bago simulan ang pagtatrabaho. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang hindi bababa sa isang araw ng Negosyo nang mas maaga para mag-iskedyul ng inspeksyon—mag-email sa amin sa permits@seattle.gov o tumawag sa (206) 386-1450, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 4:30 p.m.

Para sa lahat ng iba pang pahintulot, hindi mo na

kailangang tumawag sa SFD para i-set up ang inspeksyon — kabilang dito ang taunang pahintulot para sa mga mapanganib na materyales/operasyon, pahintulot para sa mga espesyal na okasyon, at taunang pahintulot para sa lugar ng pagtitipon. Sa halip, makikipag-uganayan sa iyo ang sinuman sa aming mga tagasuri para magsaayos ng oras para makipagkita sa iyo sa isang lugar, o maaari kaming magsagawa ng walang pasabing inspeksyon bago ang pagbibigay ng pahintulot o pagkatapos maibigay ang inisyung pahintulot para tiyakin na natutugunan mo ang mga kondisyon ng pahintulot. Binibigyan ng priyoridad ang mga pahintulot na sensitibo sa panahon (kagaya ng mga espesyal na okasyon na mangyayari sa malapit na hinaharap o ang pahintulot para sa pag-i-install na kaugnay ng isang proyektong konstruksyon) at karaniwang iniinspeksyon ang iba pang aplikasyon para sa pahintulot ayon sa pagkakasunod-sunod kung kailan natanggap ang mga ito.

Pagkatapos mong isumite ang iyong aplikasyon at bayad, bibigyan ka namin ng resibo. Kung nag-apply ka para sa taunang pahintulot, dapat mong ipaskil ang resibo sa lugar ng trabaho hanggang sa maisagawa ang inspeksyon at mabigyan ka namin ng pahintulot. Kapag natanggap mo na ang pahintulot, pakitanggal ang resibo at ipaskil ang pahintulot at mga kondisyon. Kinakailangang tiyakin ng may pananagutang partido na sinusunod ang mga kondisyon ng pahintulot.

Paano Ako Magiging Handa para sa Inspeksyon?

Bago magsagawa ng inspeksyon ang SFD, kailangang naka-set up ang lahat ng kinakailangang kagamitan at dapat na maging handa ang lugar ng trabaho para sa pagtatrabaho. Bago ibigay ang pahintulot, titiyakin ng tagasuri ng SFD na natutugunan ang lahat ng kondisyon ng pahintulot sa site at tutukuyin kung kailangan ba ng anumang karagdagan o espesyal na kondisyon.

Sa lahat ng kaso, aabisuhan ka sa sulat tungkol sa anumang pagwawasto na maaaring kailanganin bago igawad ang pag-apruba sa pahintulot.

Kailan Ko Matatanggap ang Pahintulot Ko?

Lalagdaan at ibibigay sa iyo ang mga pansamantalang pahintulot sa panahon ng inspeksyon. Ang mga taunang pahintulot ay ipoproseso, itatala at ipapadala sa iyo ng Permit Unit Staff sa pamamagitan ng koreo.

Maaaring i-check online ang estado ng pahintulot o aplikasyon: www2.seattle.gov/fire/permitStatus/.

Mga Karaniwang Itinatanong

Mangyaring i-review online ang aming koleksyon ng Mga Karaniwang Itinatanong ng mga kostumer: http://www.seattle.gov/fire/business-services/permits. Maaari ka ring mag-email sa amin sa permits@seattle.gov.

Kung may mga tanong ka pa rin tungkol sa proseso ng inspeksyon para sa pahintulot, maaari kang mag-email sa Special Hazards Section sa SFD_FMO_SpecialHazards@seattle.gov o sa Special Events Section sa SFD_FMO_SpecialEvents@seattle.gov.

LEGAL NA DISCLAIMER: *Hindi dapat gamitin bilang kapalit ang Client Assistance Memo (CAM) na ito para sa mga alituntunin at regulasyon. Responsibilidad ng mga indibidwal ang pagsunod sa lahat ng kailangan ng alituntunin at panuntunan, isinasalarawan man o hindi sa CAM na ito.*